

Ano ang 2015 Senso ng Populasyon?



Ang 2015 Senso ng Populasyon (POPCEN 2015) ay isang kumpletong pagtatala at pagbilang ng mga sambahayan sa ating bansa; dinisenyo ito upang malaman ang bilang ng populasyon sa buong Pilipinas. Ito ay isang pamamaraan upang mangalap ng ilang katangian ng populasyon tulad ng edad, kasarian, marital na estado, at pinakamataas na antas na natapos sa pag-aaral. Ang sensong ito ay ang ika-labing-apat na senso ng populasyon na isinagawa ng bansa mula pa noong 1903. Bukod dito, ito ang ikatlong senso ng populasyon na isinagawa sa pagitan ng dalawang “decennial” na senso. Bago ang 2015 POPCEN, nakapagsagawa na ng “mid-decade” (gitnang-dekada) na senso sa taong 1995 at 2007.

Ano ang pangunahing layunin ng POPCEN 2015?

Ang POPCEN 2015 ay naglalayong makapagbigay ng tamang bilang ng populasyon ng lahat ng barangay sa bansa upang makatugon sa pangangailangan ng mga ehekutibong miyembro ng gobyerno, mga gumagawa ng mga polisiya at desisyon, at sa mga gumagawa ng iba't-ibang plano upang maging basehan ng kanilang mga plano na tutugon sa pampamayanan at pang-ekonomiyang pangangailangan ng bansa, mga polisiya at mga programa.

Ano ang legal na basehan ng PSA para maisagawa ang POPCEN 2015?

Ang awtoridad at mandato ng Philippine Statistics Authority (PSA) para maisagawa ang POPCEN 2015 ay nagmula sa Republic Act (RA) No. 10625 at Executive Order (EO) No. 352.

Inaprubahan noong ika-12 ng Setyembre, 2013, ang RA No. 10625, na kilala rin sa tawag na *Philippine Statistical Act of 2013*, ay nagsasaad na ang PSA ang siyang pangunahing responsable sa mga nasyonal na senso at sarbey, sektoral na estadistika, konsolidasyon ng mga administratibong sistema ng talaan, at pagbuo ng “national accounts.” Ayon sa Seksyon 6(b) ng batas, mandato ng PSA ang pahahanda at pagsasagawa ng senso ng populasyon, kabahayan, agrikultura, pangisdaan, negosyo, industriya, at iba pang sektor ng ekonomiya.

Ang EO Blg. 352, na *Nagtatalaga ng mga Aktibidad na Pang-estadistika na Mangangalap ng Kritikal na Datos para sa Pagde-desisyon ng Gobyerno at ng nasa Pribadong Sector*, ay nagsasaad

na magsagawa ng senso sa kalagitnaan ng dekada upang magkaroon ng mas angkop na bilang ng populasyon ng lahat ng barangay sa buong bansa.

Anu-ano ang gamit ng mga estadistika na makakalap sa POPCEN 2015?

Ang gamit ng datos mula sa POPCEN ay para sa lahat ng sector. Ilan sa importanteng gamit ng datos ay para:

Sa gobyerno:

- Pagbuo ng distrito at paghahati ng mga uupo sa kongreso;
- Alokasyon o paghahati ng mga pag-aaring yaman at rebenyu;
- Pagbuo/kumbersyon ng politikal at administratibong yunit;
- Pagbuo ng mga polisiya na angkop para sa iba't-ibang sektor ng populasyon (bata, kabataan, matatanda, kababaihan na nasa edad ng pagbubuntis, mga botante, at manggagawa); at
- Pagbuo ng mga polisiya at programa para sa pagbibigay ng pangunahing serbisyo, tulad ng para sa kalusugan, edukasyon, trabaho, pabahay, imprastruktura, tulong sa panahon ng sakuna, at iba pang tumutugon sa pampamayanan at pang-ekonomiyang pangangailangan.

Sa negosyo at industriya:

- Malaman kung saan ang tamang lugar para magtayo ng negosyo;
- Malaman kung anong kalakal at serbisyo ang kailangan ng mga konsyumer o mamimili; at
- Maisaayos ang suplay o bilang ng manggagawa para sa produksyon ng mga kalakal at serbisyo.

Sa pagsasaliksik at institusyong pang-akademiya:

- Pagsasagawa ng pagsasaliksik tungkol sa populasyon at iba pang disiplina; at
- Pag-aaral tungkol sa pagdami ng populasyon at distribusyon ng populasyon (sa iba't-ibang lugar) upang pagbasehan ng “population projections” sa nasyonal at sub-nasyonal na lebel.

Kailan isasagawa ang enumerasyon?

Ang pagtatala at pagbabaybay (enumeration) para sa POPCEN 2015 ay isasagawa sa loob ng 25 araw (kasama ang Sabado o pati na rin Linggo at mga araw na walang pasok), mula Agosto 10 hanggang Setyembre 6, 2015.

Sino ang maaaring sumagot sa mga katanungan ukol sa senso?

May tatlong (3) klase ng pormas ang gagamitin sa senso: (1) Porma para sa Sambahayan (CP Form 2), Porma para sa Institusyonal na Populasyon (CP Form 4), at ang Porma para sa Barangay (CP Form 5).

Ang maaring sumagot gamit ang CP Form 2 ay ang puno ng sambahayan o ang kanyang kabiyaq o asawa, o kahit sinong responsableng miyembro ng sambahayan na makapagbibigay ng saktong sagot sa mga tanong o tamang impormasyon para sa sambahayan at mga miyembro nito. Para sa CP Form 4, ang maaring makapagbigay ng kasagutan ay ang tagapangasiwa o administrador o kahit sino na miyembro ng institusyon. Ang Punong Barangay o sinumang opisyal ng barangay ang siyang maaring magbigay ng kasagutan gamit ang CP Form 5.

Ang mga nagsisagot o tagapagbigay ng impormasyon ukol sa senso ay kailangan bang magbigay ng tama at kumpletong sagot?

Opo. Isinasaad sa Seksyon 27 ng RA 10625 na ang mga nagsisagot o nagbigay ng kasagutan sa mga pangunahing gawain ng pangangalap ng datos tulad ng senso at sarbey ay obligadong magbigay ng tama at kumpletong sagot sa mga estadistikal na pagtatanong. Ang pangongolekta, konsolidasyon, at pag-aanalisa sa mga datos ay kailangan ding gawin sa makatotohanan at may mataas na kredibilidad na pamamaraan.

Ang sinumang indibidwal na hindi susunod o hindi magbibigay ng makatotohanan at kumpletong sagot sa mga katanungang estadistikal ay maaaring makulong ng isang taon at magbabayad ng isandaang libong pisong (P100,000.00) multa.

Ano ang maaring pangharwakan ng publiko na ang mga impormasyon na kanilang ibibigay sa mga magsesenso ay hindi gagamitin sa iba pang layunin bukod sa nabanggit?

Ang lahat ng tauhan (personnel) na magsasagawa ng POPCEN 2015 ay may mahigpit na bilin na ang lahat ng impormasyon na makakalap nila sa senso na ukol sa isang sambahayan o isang tao ay hindi dapat isiwalat.

Nakasaad sa Seksyon 26 ng RA 10625 na ang indibidwal na datos na nagmula sa mga nagsisagot (respondent) base sa estadistikal na pagtatanong, sarbey at senso ng PSA ay itinuturing na pribilehiyong impormasyon kaya hindi ito dapat gamitin bilang ebidensya sa korte. Ang PSA ay naglalathala ng datos na nakalap sa senso na naka-buod (summaries) o nakatalahanayang estadistikal (statistical tables), kung saan walang impormasyon tungkol sa indibidwal, korporasyon, asosasyon, magkasosyo, institusyon o tungkol sa isang negosyo ang ipinakikita.

Nasasaad sa Seksyon 27 ng RA 10625 na ang sinumang tao, pati mga miyembro ng PSA Board at empleyado ng PSA, na magsisiwalat ng impormasyon, dahil sa kanilang kapabayaan, hindi tamang gawain, masamang intensyon, at paggamit ng kompidensyal na impormasyon para kumita ay may pananagutang magmula ng limang libong piso (P5,000.00) hanggang sampung libong piso (P10,000.00) at posibleng pagkabilanggo ng tatlong buwan pero hindi lalampas ng isang taon, depende sa bigat ng hindi pagsunod sa kautusan.

Anu-anong datos ang makakalap sa POPCEN 2015?

Ang mga sumusunod na impormasyon ay kailangang maitanong gamit ang mga instrumentong pang-senso o census forms:


CP Form 1 - Listing Booklet
Pangunahing datos
<ul style="list-style-type: none"> Pangalan ng puno ng sambahayan/Pangalan o uri ng institusyon Tirahan ng sambahayan/institusyon Bilang ng miyembro ng sambahayan/institusyon (by sex)
CP Form 2 - Household Questionnaire
Demograpiko at socio-pang-ekonomiyang katangian
Pagrerehistro ng kamatayan ng miyembro ng sambahayan
Ilang katangian ng pabahay
CP Form 4 - Institutional Population Questionnaire
Demograpiko at socio-pang-ekonomiyang katangian
CP Form 5 - Barangay Schedule
Mga katangian ng barangay

Sinu-sino ang magiging tagatala at tagapamahala ng pagsasagawa ng senso?

Ang PSA ay kukuha ng mga tagatala (enumerators o ENs), mga team supervisors (TSs), at mga census area supervisors (CASs) para sa senso.

Ang bawat tagatala (EN) ay magsasagawa ng bahay-bahay na pag-iinterbyu. Ang bawat TS ay siyang magiging tagapamahala/mamumuno ng isang grupo ng mga ENs. Ang CAS ang siyang mamumuno ng grupo ng mga TSs at ENs.

Ilang regular na empleyado ng PSA Central Office at galing sa iba pang opisina ng PSA ay tatayo ding tagapamahala para sa gagawing pagse-senso.



Para sa iba pang katanungan, sumulat o tumawag sa:

Philippine Statistics Authority
Information Technology and Dissemination Services
CVEA Building, East Avenue, Quezon City
☎: (632) 462-6600

o sa alinmang Tanggapan ng PSA na malapit sa inyo.

<http://www.psa.gov.ph>



REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
PHILIPPINE STATISTICS AUTHORITY

2015 CENSUS of POPULATION



Magpabilang. Magpa-Census!

(Tagalog)

PRIMER